# Balitang Manmin

BILANG 86  HUNYO 16, 2013




Mayo 1998, may nakitang pabilog na bahaghari na nakapalibot sa araw. Noong taong 2010, bahagharing parang singsing, at noong 2011, may nakitang napakalaking bahaghari, malawak ang saklaw nito. Nagpakita na ang Diyos ng hindi pangkaraniwan at iba't ibang bahaghari sa mga miyembro.




Mayo 1984, inilarawan ng Diyos nang detalyado ang Langit at ang napakaliwanag at magandang Bagong Jerusalem. Mayo 2004, idinaos ang dalawang linggong magkasunod na pagpupulong para sa muling pagsigla, at noong Mayo 2013, ipinadanas ng Diyos sa mga miyembro ang espirituwal na mundo sa pamamagitan ng paghiwalay ng espiritu sa katawan.



Magmula noong Mayo 2011, maraming litrato na ang nakuha ng mga miyembro sa orihinal na liwanag na may anyo ng Panginoon at mga anghel. Pinalaki nito ang pag-asa para sa pinakamahusay na tirahan sa Bagong Jerusalem.

# Masaya ang Buwan ng Mayo, Umaapaw ang mga Biyaya ng Diyos!

Tuwing buwan ng Mayo nagpapakita ang Diyos ng makapangyarihang mga tanda at kababalaghan sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu. Dahil dito, ang buhay ng mga miyembro bilang mga Cristiano ay kapanapanabik. Sila ay binibiyayaan ng umaapaw na kaligayahan at nagkakaroon ng pag-asa para sa Langit.

Mayo 1978, hinirang ng Diyos ang Punong Pastor ng Manmin Central Church na si Dr. Jaerock Lee bilang lingkod pagkatapos niyang makilala ang Diyos at mapagaling sa lahat ng mga karamdaman. Pitong taon niyang pinagdusahan ang mga karamdamang ito. Pagkaraan ng ilang taon, pumasok siya sa seminaryo para mag-aral ng teolohiya. Pinalakas niya ang kanyang sarili sa Salita ng Diyos at pananalangin. Nang napabanal na siya, nagbukas siya ng isang iglesya.

Mayo 1984, nagsimulang tumanggap si Dr. Lee ng detalyadong paliwanag tungkol sa Langit bilang sagot sa hindi mabilang na pag-aayuno at pananalangin niya. Dahil dito, ang mga libro niyang *Ang Langit I at II* ay nailimbag, at ngayon ay naisalin at nailathala na sa labing-apat na wika. Nagsisilbing daan ito para magabayan ang hindi mabilang na mga kaluluwa dito sa mundo patungo sa kaligtasan.

Mayo 1986, inordinahan si Dr. Lee bilang pastor at masigasig siyang naglingkod bilang saksi na nangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan sa mga liblib na lugar sa mundo. Pinagsikapan niyang maisagawa ang pambansang pagtuturo ng ebanghelyo at ang pagmimisyon sa buong mundo.

Mayo 1993, nagsimulang idaos ang dalawang linggong magkasunod na espesyal na pagpupulong para sa muling pagpapasigla ng buhay Cristiano. Ginagawa ito bawat taon. Sa mga pagpupulong, sabay-sabay na nabiyayaan ng anak ang dose-dosenang mga mag-asawa. Ang isang lalaking may matinding kapansanan ay nakalakad at nakatalon. At mayroong mga gumaling sa mga karamdamang hindi na magamot at nakakamatay tulad ng kanser at AIDS. Naging malinaw naman ang paningin ng iba, nakarinig ang mga bingi at nakapagsalita ang mga pipi. Ang mga kagilagilalas na makapangyarihang pagkilos na ito ay nangyari sa mga pulong.

Mayo 1998, idinaos ang ika-6 na dalawang linggong magkasunod na espesyal na pagpupulong para sa muling pagpapasigla. Ito ay may paksang, 'God is Light' (Ang Diyos ang Ilaw). Biniyayaan ng Diyos ang mga miyembro ng iglesya na makakita ng bahaghari na nakapalibot sa araw. Katulad ito ng bahagharing isinalarawan sa Apocalipsis 4:3 na nakapalibot sa trono ng Diyos. Magmula noon, marami pang iba't ibang hugis ng bahaghari ang nakita tulad ng tatluhan at apatang pabilog na bahaghari. Mayroon ding pahaba, pabilog, at hugis ng letrang K.

Mayo 2004, habang sumusulong ang espesyal na pagpupulong para sa muling pagpapasigla ng buhay Cristiano sa temang "Thundering the Original Voice" (Dumadagundong ang Orihinal na Tinig), sinimulan ng GCN (Global Christian Network) TV ang misyon nila sa pagbobrodkast sa buong mundo. Nagsimula ang ministeryo sa Israel kung saan inilunsad ang pangangaral ng ebanghelyo, naabot nito ang mga pinakamalalayong lugar sa mundo.

Mayo 21, nakakuha ng mga litrato ng 'aurora lights' na may magagandang anyo ang mga miyembro gamit ang cellphone sa loob at sa paligid ng iglesya. Makikita ang anyo ng Panginoon, at marami pang iba tulad ng bulaklak, mga nota ng musika, isda, puso, at mga bag na lalagyan ng biyaya. Napakaganda nito. Hinihimuk ng 'aurora lights' ang mga miyembro na magkaroon ng mabuting puso ng espiritu na katulad ng sa Panginoon, at lumago ng mas mabilis. Lagi silang binibiyayaan ng Diyos ng pag-ibig para maranasan nila ang espirituwal na mundo.

Nang magsimula ang 2013, inilabas na ang 'orihinal na tinig' kung saan naranasan ng mga miyembro ang kamangha-manghang pagpapagaling at mga kasagutan. Bilang sagot sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee sa bundok dalanginan, noong Mayo ng taong kasalukuyan, pinayagan ng Diyos ng pag-ibig ang ilang miyembro na puno ng pagpapala Niya, na makabisita sa Langit at Impiyerno. Ipinahayag nila ang mga nakita nila.

# Ang Pag-ibig ay Hindi Natutuwa sa Masamang Gawa

"[Ang pag-ibig ay] hindi natutuwa sa masamang gawa, kundi natutuwa sa katotohanan." (1 Mga Taga-Corinto 13:6)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Ang pag-ibig na nais ng Diyos ay naghahangad ng makakabuti para sa ibang tao; nagbibigay ito ng kagalakan, pag-asa, at buhay; ito ay espirituwal at hindi nagbabago. Kabaliktaran nito ang makalaman na pagmamahal na naghahangad ng sariling pakinabang at pabagu-bago. Ang labinlimang katangian ng espirituwal na pag-ibig ay nakasulat sa 1 Mga Taga-Corinto 13. Tinatawag itong "Kabanata ng Pag-ibig."

Tinalakay natin ang mga katangian ng espirituwal na pag-ibig sa mga nakaraang edisyon: matiisin, may magandang kalooban, hindi maiinggitin, hindi mapagmalaki o hambog, hindi magaspang ang kilos, hindi ipinipilit ang sariling kagustuhan, hindi mayayamutin, at hindi nagtatala ng mga pagkakamali.

Pag-aralan natin ngayon ang susunod na katangian ng espirituwal na pag-ibig: hindi natutuwa sa masamang gawa. Ang tinutukoy sa 'masamang gawa' ay ang mga gawaing nagdudulot ng kahihiyan. Kung hindi kayo natutuwa sa mga gawaing ito, makakamit ninyo ang espirituwal na pag-ibig.

Ano ang kahulugan nito? At ano ang dapat nating gawin para makamit ang espirituwal na pag-ibig na hindi natutuwa sa masasamang gawa?

## 1. Ano ang kahulugan ng 'hindi natutuwa sa masamang gawa'?

Sa isang maunlad na bansa, mas malaki ang pagkakataong magtagumpay ang mga taong marangal o hindi manloloko. Sa kabaliktaran, laganap sa mga hindi maunlad na bansa ang katiwalian at hindi makatarungang mga bagay. Ang lahat ng bagay sa mga ganitong bansa ay may kinalaman sa pera. Ang masasamang gawa ay may malaking kinalaman sa pag-angat at pagbagsak ng isang bansa.

May malaking impluwensya din ito sa buhay ng isang tao. Kung maramot kayo at iniisip ninyong ang mahalaga lang ay ang kasaganahan ninyo sa buhay, hindi kayo magkakaroon ng tunay na kasiyahan at hindi kayo magmamahal ng kahit na sino. Kaya itinuturo sa atin ng Diyos na ang tunay na pag-ibig ay natutuwa sa katotohanan, hindi sa masama.

Ang 'hindi natutuwa sa masama' at 'hindi nagtatala ng pagkakamali' ay parang pareho. Pero ang pagkakaiba ng dalawa ay ganito: 'hindi nagtatala ng pagkakamali' – walang kahit na anong kasamaan sa puso, 'hindi natutuwa sa masama' – hindi nalulugod sa nakakahiyang ugali o gawain, hindi nakikisama sa masamang gawain.

Ipagpalagay nating naiinggit kayo sa isang kaibigang mayaman. Hindi ninyo gusto ang taong ito dahil palagi niyang ipinagmamalaki ang kayamanan niya. Iniisip ninyo, "Napakayaman niya, bakit ako hindi? Sana maubos ang kayamanan niya." Nag-iisip kayo ng masamang bagay laban sa kanya. Pero isang araw, may nanloko sa kanya, at nalugi ang kumpanya niya sa loob lang ng isang araw. Kung natutuwa kayo at iniisip, "Mabuti nga sa kanya, ang yabang kasi!" ito ay 'natutuwa sa masama'. Maliban diyan, kung nakikisama kayo sa masamang gawaing ganito, parang natuwa na rin kayo sa masama.

## 2. Para makamit ang espirituwal na pag-ibig

### 1) Huwag tayong lumabag sa batas at huwag manakit ng ibang tao.

Huwag tayong gumawa ng kahit na anong bagay na masama sa ibang tao. Maaaring yumaman ang isang tao sa maling paraan o hindi man lang pinagpaguran. Maaaring nandaya siya o ninakaw lang niya ito sa ibang tao. Maaari rin namang lumabag siya sa batas ng bansa para sa sariling pakinabang. Halimbawa, nagbigay ng maling hatol ang isang huwes pagkatapos tumanggap ng suhol, sinentensyahan at pinarusahan niya ang inosenteng tao. Masama ito.

Kapag nagbebenta ng isang bagay ang isang tao, maaaring mandaya siya sa dami, o mahinang klaseng materyales ang ginamit niya para kumita siya ng mas malaki. O kaya naman, may mga taong sarili lang ang iniisip, wala silang pakialam sa ibang tao. Maliban sa mga halimbawang ito, marami pang mga tao sa mundo ang nandadaya sa kapwa para yumaman.

Ipagpalagay nating kayo ay naglilingkod sa bayan, mataas na ang posisyon ninyo. Nalaman ninyo na kumikita ng malaking pera ang isa sa inyong malapit na kaibigan sa pamamagitan ng negosyong labag sa batas. Kapag nahuli siya, matinding parusa ang ibibigay sa kanya. Inaalok kayo ngayon ng kaibigan ninyong ito ng malaking halaga para tumahimik at huwag magsalita tungkol sa nalaman ninyo. Nangako pa siya sa inyo na dadagdagan pa ang halaga sa mga susunod na araw. Kung mahal ninyo ang Diyos, kahit nangangailangan kayo ng pera, hindi ninyo tatanggapin ang alok niya. Dapat ninyong sundin ang tamang daan.

Sinasabi sa 2 Mga Cronica 19:7, "Ngayon sumainyo nawa ang takot sa PANGINOON. Mag-ingat kayo sa inyong ginagawa, sapagkat walang pagpilipit ng katarungan sa PANGINOON nating Diyos, o pagtatangi, o pagtanggap man ng suhol." Ang Diyos ay makatarungan; Hindi Siya masama. Maaari nating dayain ang ibang tao, pero hindi natin pwedeng dayain ang Diyos, kahit palihim. Samakatwid, matakot tayo sa Diyos, lumakad tayo sa tamang daan nang may katapatan.

Nakasulat sa Biblia ang kwento tungkol kay Abraham. Nang mabihag ng ibang mga hari ang pamangkin niyang si Lot sa labanan, ibinalik niya ang lahat ng tao ng Sodoma at ang lahat ng ari-arian nila pati na si Lot at ang kanyang ari-arian. Kaya nagpasalamat ang hari ng Sodom, ibinigay sa kanya ang mga ari-arian. Pero hindi ito tinanggap ni Abraham (Genesis 14:22-23). At nang mamatay ang asawa niyang si Sara, ibinibigay sa kanya ng mga anak ni Het ang lupang gusto niyang paglibingan, subalit binayaran niya ito (Genesis 23). Ito'y dahil hindi siya madaya. Ayaw niyang makinabang sa hindi pinagpaguran ni kumita sa maling paraan.

Ang mga nagmamahal sa Diyos at minamahal Niya ay hindi naninira ng ibang tao at hindi lumalabag sa batas para sa sariling pakinabang. Gusto nilang kumita sa malinis na paraan. Kaya kung mayroong natutuwa sa masama, nagpapatunay ito na hindi nila mahal ang Diyos, pati na ang kapwa nila.

### 2) Huwag tayong gumawa ng kahit na anong bagay na hindi ayon sa Salita ng Diyos.

Hindi lang ang paglabag sa batas at paninira sa kapwa ang masama, kundi pati ang kahit na ano at bawat isang kasalanan na laban sa Salita ng Diyos. Kapag lumabas ang kasamaan mula sa puso, ito ay kasalanan, masama ito. Ang lahat ng mga kasalanan ay gawa ng laman. Ang mga kasamaan tulad ng galit, selos, at inggit ay lumalabas sa pamamagitan ng pag-aaway, karahasan, pandaraya, at pagpatay.

Sinasabi sa 1 Mga Taga-Corinto 6:9-10, "Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga masasamang tao ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos? Huwag kayong padaya! Ang mga mapakiapid, mga sumasamba sa diyus-diyosan, mga mangangalunya, mga binabae, mga nakikiapid sa kapwa lalaki, mga magnanakaw, masasakim, mga maglalasing, mga mapagmura, o mga manggagantso, ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos." Kaya dapat malalaman ng mga gumagawa ng masama na mahihirapan silang maligtas, dapat silang magsisi nang lubos.

Nakasulat sa Biblia ang tungkol kay Acan na nahulog sa pagkawasak bilang kabayaran ng kasamaan niya. Siya ay pangalawang henerasyon ng Exodo, kaya lumaki siyang nakita ang mga himalang ginawa ng Diyos sa bayan nila. Ginabayan sila ng Diyos ng haligi ng ulap sa umaga at haligi ng apoy sa gabi. Nakita ni Acan ang pagtigil ng daloy ng Ilog Jordan at ang pagbagsak ng matibay na lungsod ng Jerico sa isang saglit. Batid niya ang dahilan kung bakit sinabi ng pinunong si Josue na huwag kukuha ng kahit na anong bagay sa Jerico: dahil ang lahat ng bagay doon ay ihahandog sa Diyos.

Pero binulag siya ng kasakiman nang makita niya ang mga sinamsam sa lungsod ng Jerico. Nang makita niya ang isang magandang balabal mula sa Shinar at ang dalawang daang siklong pilak, at ang isang barang ginto na limampung siklo ang timbang, binalewala niya ang Salita ng Diyos at ang kahilingan ni Josue. Palihim niyang itinago ito sa lugar niya. Sa bandang huli, natalo ang Israel sa sumunod na laban nila dahil sa masamang ugali niya. Ang ginawa niyang kasamaan ay nahayag din at lahat ng miyembro ng pamilya niya ay pinagbabato hanggang sa mamatay.

Mahal kong mga kapatid, ang ating walang bahid na si Jesus ay ipinako sa krus para iligtas tayong mga makasalanan. Nakasulat ito sa 1 Pedro 3:18. Kung batid natin ang dakilang pag-ibig Niya, huwag tayong matuwa sa kasamaan. Kapag hindi natin ikinatutuwa ito, hindi natin gagawin ito at mabubuhay din tayo ayon sa Salita ng Diyos. Tatamasahin na natin ang masaganang buhay sa lahat ng panahon. Umaasa ako na magmamadali kayong iwaksi ang kasamaan, hindi pagsunod sa batas, at kasinungalingan. Pupunuin ninyo ang mga puso ninyo ng kabutihan, pag-ibig, at ng Salita ng katotohanan na mula sa Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pamamagitan nito magkakaroon kayo ng espirituwal na pag-ibig.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Paano Magiging Dalisay at Magandang Babaing Pakakasalan ng Panginoon

Kapag tinanggap ninyo si Jesu-Cristo at ang Banal na Espiritu bilang handog, ang pangalan ninyo ay isusulat sa Aklat ng Buhay at kayo ay magiging anak ng Diyos.
Ito ang simula ng paghahanda ninyo para maging karapat-dapat kayong mga babaing pakakasalan ng Panginoon na Siyang buong pagmamahal na nagbukas ng daan patungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapapako sa krus.
Ang Panginoon na muling nabuhay at umakyat sa langit ay kasalukuyang naghahanda ng mga tirahan sa Langit para sa mga mananampalataya. Sila ay nagkaroon ng kapangyarihan bilang mga anak ng Diyos, at Siya ay babalik sa alapaap para tanggapin ang mga babaing pakakasalan Niya na may dalisay at busilak na puso.

"Kaya nga, mga minamahal, yamang kayo'y naghihintay sa mga bagay na ito, ay pagsikapan ninyong matagpuan kayo sa kapayapaan, na walang dungis at walang kapintasan sa paningin Niya" (2 Pedro 3:14).

"Upang Kanyang pakabanalin siya, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig sa salita, upang Kanyang maiharap sa kanyang Sarili ang isang maluwalhating iglesya, na walang batik, o kulubot, o anumang gayong bagay, kundi siya ay maging banal at walang dungis" (Efeso 5:26-27).
Ano ba ang dapat nating gawin para maging walang kapintasan at magandang babaing pakakasalan na walang dungis, walang batik, walang mantsa, at walang kulubot? Pag-aralan natin ang ilang mga espirituwal na kahulugan nito.

## Walang Dungis

Kung sinasabi ng isang tao na Cristiano siya pero naglalasing, nagiging malupit, nagsisinungaling, nandadaya sa iba, at namumuhay sa kasamaan, pipintasan siya ng ibang tao.

Tinutukoy ng mga 'dungis' ang mga maling gawain na nanakikita. Sa madaling salita, ito ay lantarang paglabag ng katotohanan. Samakatwid, pagkatapos ninyong tanggapin ang Panginoon, una sa lahat, iwaksi ninyo ang mga dating gawaing nakaugalian ninyo. Dapat kayong maging masipag sa pakikinig, pag-aaral at pagsasabuhay ng Salita ng Diyos. Napakahalaga nito.

Ang 'dungis' ay 'marka' o 'lamat' na nakakasira sa panlabas na anyo. Kung gumawa ng kasamaan ang isang tao sa harapan ng Diyos at ng ibang tao, may bahid na siya kahit tinanggap niya ang Panginoon at nagsisi na sa mga kasalanan niya. At kung ginawa niya ang mga gawa ng laman na nakasulat Sa Galacia 5:19-21 pagkatapos niyang tanggapin ang Panginoon, kahit lubos pa niyang pagsisihan ang mga ito, magiging parang 'pilat' ito. Hindi ito nangangahulugan na hindi siya maliligtas, pero mahihirapan siyang magkaroon ng pagkakataong manirahan sa mas mabuting tirahan sa Langit. Dapat siyang mas magpursigi o magsikap kaysa sa iba.

Maliban dito, ang mga kakulangan natin ay tinatawag ding mga 'dungis'. Dapat dumaan ang isang tao sa mga nararapat na hakbang sa paglago sa maayos na paraan: paningin, pakikinig, pakiramdan, at paggawa ng mga bagay. Pero kung hindi normal o kung lumaktaw siya sa isa sa mga nabanggit, magkukulang ang katawan niya. Mapupunuan lang ninyo ang mga kakulangang ito kapag tatanggapin ninyo na may pagkukulang kayo at pupunuin ng katotohanan ang inyong paningin, pakikinig at pakiramdam.

## Walang Batik

Ang 'batik' ay may kaugnayan sa makasalanang likas at sa lahat ng bagay na ginagawa nito. Kung ang isang tao ay naarawan nang matagal, babalik at dadami ang mga nunal at pekas sa balat niya. Parang ganito rin ang mangyayari kung magpapatuloy kayo sa ugnayan ninyo sa mundo at hindi ninyo binunot ang mga ugat ng makasalanang likas. Kahit pagsisihan pa ninyo ng lubos ang mga kasalanan ninyo noon, malamang na gawin ninyo ulit ito kung makikisalamuha pa rin kayo sa kamunduhan. Kaya mahalagang magpatuloy kayo sa pagwaksi ng makasalanang likas hanggang tiyak na ninyo na wala na ito.

Sa proseso ng pagtanggal ng makasalanang likas, unahin natin ang mga nakalantad na kasamaan tulad ng pagsisinungaling, pagiging tuso, galit, selos, inggit, at pangangalunya. Pagkatapos, tanggalin natin ang masamang konsiyensya; dapat nating tanggalin ang lahat ng bagay na hindi ayon sa Salita ng Diyos sa oras na makita natin ito. At maiiwaksi natin ang kasamaan na hindi natin nakikita, tutulungan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng mga pagsubok at mga biyaya.

## Walang Mantsa

Ang 'mantsa' ay tumutukoy sa isa sa mga kakulanagan ng katawan o sa pagkatao na parang hindi mahalaga o maliit lang pero nakikita rin kung susuriing mabuti. Mayroong kakulangan ng katawan na sanhi ng personalidad at ugali ng isang tao. Kahit naiwaksi na ng isang 'extrovert' o isang taong hindi mahiyain ang kayabangan at mapagmalaking ugali niya, maaaring ganito pa rin ang tingin ng ibang tao sa kanya.

At mayroon ding kakulangan sa katawan o sa pagkatao dahil sa hindi sapat na karanasan habang lumalaki. Halimbawa, ipagpalagay natin na walang karanasan ang isang tao sa mga makamundong bagay, espirituwal siya. Hindi niya maunawaan at matanggap ang ibang tao. Hindi ito kasalanan, pero nagiging dahilan ito para husgahan siya. Samakatwid, masasabing kumpleto tayo kung mapupunuan natin ang mga pagkukulang na ito.

## Walang Kulubot

Ang mga 'kulubot' ay ang mga binuo ninyong mga ideya o pananaw. Ito ay mga kabutihan at katotohanan na tayo ang gumagawa o ayon sa pamantayan natin. Ipagpalagay nating sinabi ng presidente ng isang kumpanya sa mga empleyado niya na kakain sila ng sabay-sabay. Pero sinabi sa kanya ng direktor, "Nagpapasalamat na kami sa pagkakataong makapagtrabaho sa kumpanyang ito. Hindi na kailangang ikaw pa ang magbayad ng pagkain namin." O kaya, sinabi ng presidente sa mga empleyado niya habang nasa isang restawran, "Bahala na kayo. Kainin ninyo ang gusto ninyong kainin" pero pinili ng direktor ang pinakamura, at sinabing, "Kuntento na tayo dito, hindi ba?" Maaaring iniisip niya na mabuti ang ginawa niya, hindi niya nauunawaan ang tunay na kabutihang-loob ng presidente. Ginagawa ito ng direktor nang hindi man lang iniisip na ang oras na gugugulin nila habang kumakain ng magkakasama ay pwedeng maging daan para maging mas masipag sa trabaho ang mga empleyado.

May ilang tao na pumipigil sa pagdating ng mga biyaya ng Diyos dahil sa sarili nilang saloobin. Nagpapakita ito na limitado lang ang pananaw nila tungkol sa kabutihang-loob para sa ibang tao. Dahil dito, napipigil ang pagtanggap nila ng mga biyaya. Para maabot natin ang mas malaim na antas ng kabutihan na nais ng Diyos, ang mas lalalim na antas ng espiritu, dapat nating iwaksi ang sariling pananaw o ideya tungkol sa kabutihan.

At maaaring may kaunti pang laman na natitira sa kalooban ninyo na hindi ninyo napapansin. Kung kayo ay mahiyain at maamo, baka isipin ng ibang tao, 'Bakit ganyan siya?' Gayon pa man, habang nagiging mas malalim ang antas ng pagiging espirituwal ninyo at banal, binabago ng Diyos ang ugaling ito. Ginagawa Niya itong magiliw at marunong, at gagamitin Niya ito sa ikaluluwalhati Niya.

Mababasa sa 1 Mga Taga-Tesalonica 5:23, "Pakabanalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesus-Cristo."

# “Masaya ako dahil pupunta ako sa Langit”

## Sinabi ito ng tatay ko na nasa bingit ng kamatayan, nakabukas ang espirituwal na mga mata niya

Diakonesa Yeosuk Go (Ika-1 Misyon ng Canaan)

Nagsimula akong dumalo sa iglesya noong nasa ikalawang baitang ako, pero patago ang buhay-Cristiano ko dahil sa tatay ko. Noong nasa high school na ako, may nagsama sa akin sa Manmin Central Church. Magmula noon, nagkaroon ako ng espirituwal na lakas at matapang na ako sa pangangaral ng ebanghelyo.

Pero hindi pumayag ang tatay ko sa pangangaral ko. Nang malaman niya na nagsisimba ako, pinunit niya ang damit ko. Hindi niya ako pinayagang lumabas ng bahay, maliban na lang kung papasok ako sa eskwela. Pinalo niya ako hanggang sa magkapasa-pasa ang katawan ko.

### Hindi lang kaya pangkaraniwang Buddhist ang tatay ko kundi pinuno pa?

Nang makapagtapos ako sa kolehiyo, nagkaroon ng matinding away ang mga magulang ko, nasorpresa ako sa malaking balita. Akala ko ang tatay ko ay isang pangkaraniwang Buddhist, iyon pala, siya ay monghe, at pinunong monghe pa siya sa isang templo bago siya ikasal sa nanay ko. Pero pagkatapos niyang ikasal, tumiwalag siya sa pagmomonghe. Pinalaganap niya ang Buddhism sa pamamagitan ng pagbukas ng isang maliit na eskwelahan.

Gusto kong lumayo sa tatay ko kaya nagdesisyon akong mag-aral sa ibang bansa, natanggap naman ako sa isang eskwelahan sa U.K. Gayon pa man, ayaw ko ring iwan ang iglesya at ang pastol kaya pinalampas ko na lang ang pagkakataon. Hindi nagtagal, pumunta sa isang templo sa Daegu ang tatay ko pagkatapos nilang magdiborsyo ng nanay ko. Malaya na akong tumulong sa iglesya bilang pangulo ng isang misyon at piyanista sa pagsamba tuwing Martes. Noong taong 2011, malaking pagpapala sa akin na maging piyanista sa pagsamba tuwing Miyerkules at maglingkod bilang manggagawang Levita.

Bago magtapos ang Enero, 2013, bigla akong nakatanggap ng tawag sa telepono mula sa tatay ko. Sinabi niyang malala na ang kanser niya sa apdo, hindi na pwedeng operahan. Naawa ako sa kanya dahil alam ko na hindi siya maliligtas kung mamamatay siya. Nag-ayuno ako sa loob ng tatlong araw at nanalangin. Tinanggap ko rin ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.

Pinagsisihan ko ang pagsamba ng tatay ko sa diyus-diyosan at hiniling ko sa Diyos na iligtas ang kaawaawa kong tatay. Pinagsisihan ko rin na hindi ko siya minahal nang buong puso. Noong Marso 2, 2013, binigyan ko siya ng libro tungkol sa talambuhay ni Dr. Lee na *Buhay Ko, Pananalig Ko I at II* na may kalakip na sulat. Nakasaad sa sulat ang nilalaman ng puso ko.

“Minamahal kong tatay, nagpapasalamat ako sa iyo dahil pinalaki mo kami nang maayos. Gusto kong magsilbing lakas mo kaya nag-aral akong mabuti. Samantala, naranasan ko ang buhay sa iglesya noong nasa high school ako. Masayang-masaya ako dito. Tinuruan kami ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng tunay na kahalagahan ng buhay at kung paano magsulong ng kabutihan. Kahit sinaktan mo ako, sinabihan niya ako na mas lalo pa kitang mahalin, sabi niya, ginawa mo ito dahil hindi mo kilala ang Diyos. Kaya naunawaan kita at minamahal, walang galit sa puso ko. Gusto kong basahin mo ang mga libro at tanggapin ang Panginoon, para makapunta ka sa Langit.”

### “Masaya ako dahil pupunta ako sa Langit! Malaki ang pagkukulang ko!”

Pagkalipas ng mga ilang araw, tumawag ang tatay ko, sinabi nya, “Patawarin mo ako, patawarin mo ako! Malaki ang kasalanan ko sa iyo, sa mga kapatid mo, at sa nanay ninyo. Hinaplos ng talambuhay ni Dr. Lee ang damdamin ko. Kamangha-mangha siyang pastor!”



Nadama ko na kumikilos ang Diyos sa buhay niya. Agad-agad ko siyang dinala sa Seoul. Hiniling ko sa mga pastor na dalawin siya at nagsagawa kami ng mga panalangin at pagpuri. Nang nangaral ang mga pastor ng Salita ng Diyos, tinanggap ng tatay ko ang pagpapala, sinabi niya, “Amen!”

Noong Marso 31, 2013, nagparehistro ang tatay ko sa Manmin Central Church. Pagkaraan ng ilang araw, nakilala niya ng personal si Dr. Lee at tinanggap ang panalangin niya. Noong Abril 14, napanaginipan ko na pinagsisihan ng tatay ko ang paghusga at paghatol niya kay Dr. Lee. Kinabukasan, hiniling niya sa akin na maghandog ako ng kaunting halaga bilang ikapu, walang nagturo sa kanya na gawin ito. Mabilis kong inihanda ito at ibinigay sa Diyos.

Noong panahong iyon, nasa ospital na ang tatay ko kasama ang mga may malalang kanser. Sinabi niyang ayaw niya doon dahil maraming nakapaligid na mensahero mula sa Impiyerno. Parang nakabukas ang espirituwal na mga mata niya kaya nakita niya ang mga ito.

Noong Abril 21, 2013, mas lumala pa ang kalagayan ng tatay ko. Pumanaw siya na parang natulog lang. Sinabi niya, “Masayang-masaya ako, pupunta ako sa Langit. Gusto kong makita si Dr. Lee. Malaki ang utang na loob ko sa iyo.”

Sa bingit ng kamatayan, nakarating sa Langit ang tatay ko dahil sa dakilang pagpapala ng Diyos at sa mapagmahal na pananalangin ni Dr. Lee. Ang lahat ng pasasalamat at kaluwalhatian ay sa Diyos.

# “Ako, na mahina ang pandinig, nakarinig nang mabuti”



Kap. Gokul Busel
(Manmin Mission Center, Nepal)

Salamangkero ako dati sa Okabot, Ramechab sa gintnang silangang bahagi ng Nepal. Ako ay isang Hindu. Pero noong Marso 2013, tinanggap ko ang Panginoon pagkatapos kong maranasan ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos.

Noong Enero 2013, nagpunta ako sa Katmandu, ang pangunahing lungsod ng Nepal para makita ng personal ang pamilya ng anak kong lalaki. Mga Cristiano sila sa Manmin Mission Center, Nepal.

Naroon na ang asawa ko pagdating ko doon. Dinala rin siya sa center, nakilala niya ang Panginoon, at naging unang pag-ibig niya ito. Ipinagmalaki niya ang iglesya. Sinabi niya na naroroon sa iglesya ang Diyos at maraming kamangha-manghang pagkilos ang nagaganap dito. Sinikap niyang dalhin ako sa iglesya araw-araw. Ibinahagi din sa akin ng Misyonerang Pastor na si Grace Lee ang tungkol sa Diyos.

Nagkaroon ako ng pananampalataya habang binabasa ko ang mga babasahin tungkol sa misyon. Nakasulat dito ang tungkol sa mga bulag na nakakita, mga bingi na nakarinig, at mga lumpo na nakatayo, nakalakad, at nakatalon. Ibinukas ang puso ko ng mainit na pag-ibig ng pamilya ko at ng mga miyembro ng iglesya.

Isinaulo ko ang Apostle’s Creed (Credo ng Apostol) at ang Lord’s Prayer (Panalangin ng Panginoon). Pinakinggan ko ang mensahe ni Dr. Jaerock Lee na ‘Seed of Life’ (Binhi ng Buhay). Naantig ang puso ko dahil dito. Samantala, nakaranas ako ng kamangha-manghang himala. Mahina ang pandinig ko, kaya hindi ko na marinig ang mga tunog na may kalayuan sa akin. Pero hindi ko napansin agad, naririnig ko na ang mga ito.

Ako ay isang 73 taong gulang na salamangkero, pero ngayon, anak na ako ng Diyos. Pinagpala ako! Masasabi ko na ang Diyos ang nag-iisang tunay na Diyos, at si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin. Hallelujah!

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City Cebu,
Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714